



**API EQUALITY-LA**  
Asians and Pacific Islanders for LGBT Equality

## **Cristianismo at Pagiging Homoseksuwal: Ano ang Sinasabi ng Biblia?**

Hanggang sa katapusan ng Biblia, ang homosexuality o pagiging homoseksuwal, ay bihirang banggitin. Si Jesus ay hindi nagsalita tungkol sa temang ito, at ang mga kasulatan na nagbabanggit tungkol sa pagiging homoseksuwal ay kadalasang binibigyan ng kahulugan na kulang sa katibayan at pagunawa sa mundong pinagmulan ng Biblia. Iniimbitahan namin kayo na tingnan ng dahan-dahan at tapat ang sinasabi ng Biblia tungkol sa pagiging homoseksuwal. Maaring magdulot ito ng hindi inaakalang mga konklusyon!

### **Genesis 19: Ang Hatol sa Sodom**

Ang kwentong ito ay tungkol sa dalawang anghel na bumisita sa Sodom at inimbita sa bahay ni Lot. Ang mga kalalakihan ng lungsod ay nagtipon-tipon sa labas ng bahay at idinimanda na pakawalan ni Lot ang mga bisita sa kanila upang “makilala” (know) nila ang mga bisita. Ang Hebreo na berbo na “yada” (to know) ay may maraming kahulugan, isa na dito ang magkaroon ng sekswal na relasyon. Hindi malinaw kung nais pagsamantalahan ng grupo ang mga anghel o kayat makipag-pulong sa kanila, at maari din pisikal na atakihin sila. Kahit intensyon ng grupo na pagsamantalahan ang mga bisita, hindi malinaw sa pahinang ito kung sinunog ng Panginoon ang lungsod ng Sodom dahil ang mga mamamayan ay hindi mapagbigay sa kapwa at abusado sa mga dayuhan sa intensyon nilang pagsamantalahan sila.

Habang walang malinaw na dahilan ang kasulatan tungkol sa pagpaparusa ng Diyos sa lungsod, dalawang teksto sa Biblia ay makakatulong sa atin maitindihan ang mga kasalanan ng Sodom. Una, sabi ng Diyos sa Ezekiel 16:49 kung ano ang mga kasalanan ng Sodom: “Masdan niyo, ito ang pagsasala ng kapatid niyo si Sodom: Siya at kanyang mga babaeng mga anak ay merong kayabangan, masaganang pagkain at maginhawang buhay, pero hindi niya tinulungan ang mga mahihirap at nangangailangan” (NASB). Nakakapagtaka na walang binanggit tungkol sa sekswal na mga praktis. Sa kabaliktaran, ang galit ng Diyos ay nakaturo patungo sa sosyal na pagbabaya ng mga mamamayan ng Sodom.

### **Leviticus 18 at 20: “Kung ang Lalake ay Makikipagsipin sa Isang Lalake...”**

Ang Leviticus ay isang libro na may relihiyoso at sibil na mga panukala para sa antigong panahon ng Israel, na may dalawang berso na sumasangguni sa pagiging homoseksuwal. Lev. 18:22 ay nagsasabi: Huwag makikipagsipin sa isang lalake katulad ng pagsisipin sa isang babae: ito ay kasuklam-suklam” (NIV). At and Lev. 20:13 ay nagsasabi: “Kung ang lalake ay makikipagsipin sa isang lalake katulad ng pakikipagsipin sa babae, pareho nilang ginawa ang hindi kasuklam-suklam . Sila ay dapat patayin; ang kanilang dugo ay nasa kanilang sariling mga ulo” (NIV).

Ang susi upang maintindihan ang dalawang bersong ito ay ang salitang “detestable” o kasuklam-suklam (o sa ibang pagpapasalin, “abomination”). Itong salita sa Hebreo, “to’ebah,” ay may katangiang relihiosong kahulugan, at tumutukoy sa moral at relihiyosong kasamaan. Maraming skolars ang naniniwala na ang mga bersong ito ay tumutukoy sa prostitusyon sa templo o temple prostitution (parehong homoseksuwal at heteroseksuwal), na pangkaraniwang ugali sa Middle East nung panahon, at kung saan ang kahulugan para sa mga Israelites ay pagsabay na pagsasamba sa ibang diyos (idolatry) at pakikipagsipin sa taong hindi mo asawa (o adultery).

Nagkakaroon ng problema kapag ang literal na kahulugan ng mga bersong ito ay pinipilit na gamitin sakasalukuyan. Oo, sa parehong konteksto, merong maraming mga regulasyon na sinusunod sa kasalukuyan katulad ng pagbabawal sa inesto, pandaraya o fraud, kalupitan, pagsasamba sa ibang diyos, at hindi makatwirang pagtrato sa kapwa. Pero sa parehong konteksto, makikita din ang pagbibigay permiso sa poligamya, pagbabawal ng seks kasama and isang babae habang siya ay may regla (ang parusa ay kamatayan o pagpapalayas), pagbabawal sa mga tatu at pagsusuot ng damit na gawa sa iba’t-ibang tela, pagbabawal ang paggamit ng higgit sa isang klaseng buto sa pagpunla ng lupa, at ipinagbabawal ang pagkain ng baboy, catfish at lobsters—kung saan lahat ay hindi sinusunod ng karamihang mga Cristiano sa kasalukuyan. Ipinapakita nito sa atin na hindi dapat sundin ng literal angsinasabi ng mga berso. Dapat ito ay suriin ng mabuti at tapat, kasama ng pagiintindi sa pangkasaysayang mga kondisyon na nagbigay bunga sa kasulatang ito.

### **Deuteronomy 23:17, 1 Kings 14:24 at 15:12: “Sodomites”?**

Ang King James Version ay may salita na “Sodomite” sa bawat na mga bersong ito. Pero ang modernong skorlarship ay kumbinsing pinakita na ito ay hindi tamang pagsasalin ng salita na Hebreo na “qadesh.” Ito ang dahilan kung bakit lahat ng mga modernong bersyon ay ginagamit ito bilang “male prostitute” o lalakeng prostityut, sa halip ng “homoseksuwal”. Ito ulit ay isang malinaw na pagtutukoy sa prostitusyon sa templo na nangyayari sa ibang mga relihiyon nung panahon na ito. At ang prostitusyon ay nanatili at mananatiling paglilihis sa biyayang seksuwal na ibinigay ng Diyos, maging homoseksuwal man ito o heteroseksuwal.

### **Romans 1: Si Paul at “Natural na mga Relasyon”**

Sa kasulatan na ito, si Paul ay tumutok sa mga kasalanan ng mga Hentil (pagans) at sinabi na ang Diyos “ay ibinigay sila sa mga makasalanang pagnanais ng kanilang mga puso sa seksuwal na kalaswaan” (Rom. 1:24, NIV). Nagtutuloy si Paul na ipaliwanag ang ibig sabihin ng “sexual impurity” o seksuwal na kalaswaan: “Dahil dito, ang Diyos ay pinabayaan sila sa nakakahiyang pagnanais. Kahit ang kanilang mga babae ay pinagpalit ang natural na mga relasyon para sa di-natural na mga relasyon. Gayunman, ang mga lalake ay tinalikuran ang natural na mga relasyon sa mga babae at sumiklab sa pagnanais para sa isa’t-isa. Ang kalalakihan ay gumawa ng mga malaswa na gawain sakasma ang ibang lalake, at tumanggap ng sapat na parusa para sa kanilang kalaswaan” (1:26, 27, NIV). Tapos bumalik si Paul sa pagsalita tungkol sa iba pang mga kasalanan ng mga Hentil katulad ng “pagkainggit, pagpatay ng tao, pag-aaway, panloloko at malisiya” at iba pa (tingnan ang 1:28-32).

Ang kasulatan na ito ay maaaring tanggapin sa ilang paraan. Pero ang napakamahalagang teksto dito ay ang bersong 25—na isinulat sa kagitnaan ng dalawang pagtutukoy sa homoseksuwal na relasyon. “Pinagpalit nila ang katotohanan ng Diyos para sa kasinungalingan, at sinamba at pinagsilbihan ang mga nilikhang mga bagay imbes na ang Creator—na walang hanggang ay pinupuri. Amen” (NIV). Ang tekstong ito ay importante dahil tinuturo nito ang relihiyosong katangian ng homoseksuwal na relasyon na pinagusapan ni Paul. Kagaya ng Lumang Tipan na binanggit sa itaas, si Paul ay tumutukoy sa hindi maka-Diyos na praktis ng prostitusyon sa templo ng mga Hentil kung saan ang tanyag na katangian ay homoseksuwal na prostitusyon.

Kahit na ang tinutukoy ni Paul ay ang mga homoskesuwal sa pangkahalatang populasyon ng Hentil sa imperyong Romano, ang pagtataguyod ng literal na pagsasalin sa kasulatan ngayon ay magdudulot ng mga problema. Sa ibang dako, sinulat ni Paul: “Ang babae ay dapat matuto sa katahimikan at buong pagpapakumbaba. Hindi ko pinapayagan ang babae na magturo o magkaroon ng kapangyarihan sa lalake; dapat siya ay walang imik” (1 Timothy 2:11, 12, NIV). Tungkol sa mga alipin, isinulat niya: “Mga alipin, sundin niyo ang mga amo niyo dito sa lupa na may respeto at takot, at taos-puso, katulad ng pagsunod ninyo kay Cristo. Sundin ninyo sila hindi lamang para mapanalo ang kanilang pabor kapag ang kanilang mga mata ay nasa inyo, pero katulad ng mga alipin ni Cristo, ang paggagawa ng utos ng Diyos mula sa puso” (Ephesians 6:5, 6, NIV). Karamihan sa mga Cristiano ngayon (kahit mga konserbatibong mga ebanhelikals) ay hindi tinatanggap ang literal na kahulugan ng mga kasulatan na ito, kundi ito ay nagpapakita sa limitasyon sa pagkaintindi ni Paul sa kanyang panahon at kultura. Ang karapat-dapat ay tanggapin natin ang kanyang mga imortal na mga salita ng taos-puso kapag tayo ay humaharap sa mga isyu tungkol sa dignidad ng tao: “Walang Hudyo o Griyego, alipin o malaya, lalake o babae, dahil kayung lahat ay iisa kay Jesu Cristo” (Galatians 3:28). Bilang isang makasalanang taong may wakas, si Paul ay hindi sapat na kinatawan ang idealismo sa antas na tayo sa 21<sup>st</sup> century ay gustuhin, pero tinukoy parin niya ang progreso at egalitarian na idealismo sa Galatians 3:28. Sa ganon, kahit na si Paul, na walang lubos na pagkakaintindi sa seksuwal na pagkakakilanlan at orientasyon na mayroon tayo ngayon, ay naniwala na ang mga homoseksuwal na praktis ay makasalanang, dapat bigyan natin ng kultural at kontekstuwal na kahulugan ang pagsasalin sa Romans 1, katulad ng ginagawa natin sa kanyang mga salita tungkol sa mga babae at mga alipin.

### **1 Corinthians 6:9 at 1 Timothy 1:9: Kahirapan sa Pagsasalin ng mga Salita**

Sa 1 Cor. 6:9, si Paul ay nagbigay ng listahan tungkol sa mga klase na makasalanang tao na hindi pakakapasok sa kaharian ng Diyos. Ang dalawang klase na binanggit, sa Griyego, ay “malakoi” at “arsenokoitai.” Sa 1 Tim. 1:9, 10, si Paul ay nagbigay ng panibagong listahan kung saan ang nabanggit ay “arsenokoitai” lamang. Maraming kaibahan na pagsasalin sa dalawang salitang ito dahil ang ibig talagang ipahiwatig ni Paul sa mga kasulatang ito ay hindi malinaw.

Ang literal na ibig sabihin ng unang salita ay “soft” o “malambot,” at ang pangalawa, “an abuser of humanity” o “isang mapasamantala sa sangkatauhan.” Ang unang salita ay naisalin bilang “effeminate” o “kilos-babae” (KJV, NASB, ASV), “homoseksuwals” (NKJV), “adulterers” (RSV), at “mga lalakeng prostityut” (NIV, NLT). Lahat na ito ay hindi maring magkasingkahulugan sa isa’t-isa! Ang pangalawang salita ay isinaling “abusers of themselves with mankind” o “mapasamantala sa kanilang sarili kasama ang sangkatauhan” (KJV), “abusers

of themselves with men” o “mapasamantala sa kanilang sarili kasama ang mga kalalakihan” (ASV), “sodomites” (NKJV), “mga homoseksuwal” (NLT), “mga homoseksuwal na offenders” (NIV), at “mga seksuwal perverts” (RSV). Ang ibang mga tagapagsalin ay kinuha ang pangunahing kahulugan ng salitang ito na “abuso”, at isinalin ito na magkasingkahulugan ng pagiging homoseksuwal. Pero ito ay base sa maling akala at nangangailangan ng lundag ng lohika. Ang mga teksto mismo ay hindi sumusuporta sa ganitong interpretasyon.

### **Kaya, Ano Talaga Ang Sinasabi Ng Biblia?**

Karamihan sa mga kasulatan sa Biblia na ginagamit upang pasamain ang pagiging homoseksuwal ay hindi nagbibigay ng malinaw na pagbabatikos sa pagiging homoseksuwal katulad ng ipinapalabas ng iba. Sa pagdagdag, kapag binabatikos nila ang pagiging homoskesuwal, ang mukhang nasa isip ng mga manunulat ng Biblia ay prostitusyon sa templo. Hindi nating lubos na maiintindihan ang kompletong kahulugan ng ilang kasulatan na i-dinidebate. Pero ang malinaw ay kay Cristo, hindi pwedeng meron pagtatangi-tangi o pagbabago-bago ng dignidad. Kay Cristo, walang Hudyo o Griyego, lalake o babae, alipin o malaya, at ngayon “straight o queer.” Panahon na na tanggapin ang dakilang prinsipyo ng pagibig at respeto sa lahat ng mga anak ng Diyos at kilalanin ng buong sukat ang dignidad na ibinigay ng Diyos sa mga gay, lesbian, bisexual at transgendered na mga miyembro ng kaharian ng Diyos.